Kagawaran ng Edukasyon
Pambansang Punong Rehiyon
**SANGAY NG MGA PAARALANG PANLUNSOD**
Lungsod Quezon, Kalakhang Maynila

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

Agosto 10, 2011

**MEMORANDUM PANSANGAY**

Para sa: Pangalawang Tagapamanihala
Pansangay na Tagamasid / Koordineytor
Punongguro ng Sekundarya, Publiko at Pribado
Nanunungkulang Puno ng mga Paaralang Sekundarya (Publiko at Pribado)

**16th BSP – DepED Annual ORATORICAL CONTEST**

1. Kaalinsunod sa Presidential Proclamation Blg. 547, s. 1990 at Memorandum Panrehiyon Blg. 228, s. 2011, na taun – taon ang Buwan ng Oktubre ay Pambansang Buwan ng Estadistika (National Statistics Month), ang Bangko Sentral ng Pilipinas sa pakikipagtulungan ng Kagawaran ng Edukasyon – NCR ay magdaraos ng Timpalak – Talumpatian.
2. Ang tema ngayong 2011 ay "Kalidad na Estadistika sa Pangangalagang Panlipunan: Pagpapahusay ng Gawa, Pagpapaunlad ng Buhay."
3. Orihinal ang piyesa at bibigkasin sa loob ng 6-8 minuto.
4. Kailangang magbigay ng "Application Form" ang bawat kalahok sa ating Tagapamanihala ng Sangay hanggang Agosto 22, 2011. Kumuha ng Form kay Gng. Marasigan, Division Coordinator sa FILIPINO.
5. Magkakaroon ng Eliminasyon ang bawat Distrito sa Setyembre 23, 2011 (Biyernes) kung sakaling hihigit sa sampu ang kalahok na paaralan.
6. Ang Pansangay na Timpalak naman ay gaganapin sa Setyembre 30, 2011 (Biyernes) sa Bulwagang Pulungan ng Sangay.
7. Ang Student's Profile at Form 137 (CTC) at piyesa ng nagwagi sa Pansangay ay ipadadala sa NCR c/o Dr. Restituto R. Lomeda, Puno ng Sekundaryang Edukasyon sa Oktubre 5, 2011 (Miyerkules).
8. Gaganapin ang Panrehiyong Talumpatian sa Oktubre 28, 2011, BSP Assembly Hall, 3rd Floor.
9. Narito ang mga tuntunin at pamantayan sa Timpalak – Talumpatian:

A. Ang kalahok ay mag-aaral ng Ikaapat na Taon sa Hayskul, publiko o pribado.
B. Ang paksa ng piyesang gagamitin ay dapat kaugnay ng mga layunin at tema ng patimpalak sa taong ito.
C. Mga kraytirya:
1) Nilalaman - (Kaugnay ng Paksa, Orihinal, Pagkabuo at gamit ng Wika) ------------- 50%
2) Pagbigkas - (Tinig, Tamang bigkas at diin ng Salita, Daloy ng Pagbigkas) ---------- 40%
3) Hikayat sa Madla – (Tindig, Kilos, Paggamit ng Entablado) -------------------------- 10% 100%
D. Bibigkasin ang talumpati sa loob ng 6-8 minuto lamang. Mababawasan ang puntos kapag kinulang at lumabis sa minutong itinakda.
E. Gantimpala:

| | | |
|---|---|---|
| Una – | PhP 25,000.00 + tropeo; tropeo para sa paaralan |
| Ikalawa - | 20,000.00 + tropeo; tropeo para sa paaralan |
| Ikatlo - | 15,000.00 + tropeo; tropeo para sa paaralan |
| Consolasyon (7) | 7,500.00 + plaque |

Tagapagsanay – 1st, 2nd, at 3rd ay tatanggap ng hiwalay na halagang katumbas ng 30% sa napanalunan ng kanilang mag- aaral. Halimbawa -1st = 7,500.00; 2nd = 6,000.00; 3rd = 4,500.00
Tagapagsanay ng Pambansang Talumpatian ay PhP 3,000.00
Lahat ng kalahok at Tagapagsanay ng Pambansang Timpalak ay tatanggap ng Katibayan sa paglahok.
F. Ang bawat sangay sa NCR at isang panrehiyon Science H/S ay mapagkalooban ng PhP 6,000.00 subsidy.
G. Ang hatol ng Lupon ng Inampalan ay hindi maaaring baguhin.

10. Inaasahan ang madalian at malawakang pagpapahatid ng memorandum na ito.

**CORAZON C. RUBIO, CESO VI**
Tagapamanihala
Sangay ng mga Paaralang Panlunsod
Lungsod Quezon